

MALIGAYANG PAGDATING SA BANGKO



Maligayang pagdating sa bangko ay isinasagawa ng:



sa pakikipagtulungan sa ACLI, ANCI, ARCI, CARITAS Italiana, at CeSPI, kasama ang Osservatorio Nazionale sull'Inclusione Finanziaria dei Migranti (pambansang obserbatoryo para sa pagiging bahagi ng lipunan ng mga migrant), Ministry of Labour and Social Policies, at UNHCR



© ABI 2018. All rights reserved.

Reproduction is permitted for purposes of study, research or for non-commercial purposes,
provided that the source is clearly cited.

MALIGAYANG PAGDATING SA BANGKO: MATUTULUNGAN KA NAMING MAMUHAY AT MAGHANAP-BUHAY NANG MAS MAAYOS SA ITALY

Inilaan ng Associazione Bancaria Italiana – ABI, ang kapisanan ng mga bangko sa Italy, ang bagong edisyon na ito ng brochure sa mga foreign national na nakatira at nagtatrabaho sa aming bansa, gaano man katagal ang kanilang pananatili rito.

Kung matututunan mo kung paano makipagtransaksyon sa isang bangko, at kung mapapalawak mo ang iyong kaalaman sa mga magagawa ng isang bangko para sa iyo, mas mapapadali ang mga bagay-bagay para sa iyong negosyo at pamilya, at makakapagplano ka para sa hinaharap.

Nagbibigay ang mga sumusunod na pahina ng mga sagot sa iyong mga tanong, gaya ng:

- Hiniling sa akin ng aking employer na magbukas ng current account para sa pagbibigay ng aking sweldo. Ano ang mga dokumentong kailangan ko?
- Paano ko babayaran ang aking upa, mga bayarin, at mga buwis?
- Mayroon akong account at gusto kong lumipat ng bangko. Paano ko ito gagawin?
- Paano ako magpapadala ng pera sa aking mga kapamilya sa aking pinagmulang bansa?
- Mayroon akong mga hindi inaasahang gastusin. Paano ako mag-a-apply para sa isang loan?
- Gusto kong bumili ng bahay sa Italy. Maaari ko ba itong gawin? Maaari ba akong kumuha ng mortgage? Sapat ba ang aking kita?
- Gusto kong mag-ipon para sa aking sarili at para sa kinabukasan ng aking mga anak. Ano ang mga available na solution?
- Gusto kong maprotektahan ako o ang aking pamilya mula sa mga hindi inaasahang pangyayari. Ano ang maaari kong gawin?

Nakipagtulungan kami sa iba't ibang ahensya na araw-araw nakikipag-ugnayan sa mga foreign national upang matukoy ang mga serbisyo ng bangko na malamang ay kailanganin mo: Sa ACLI (mga kristiyanong kapisanan ng mga manggagawa sa Italy), ANCI (pambansang kapisanan ng mga munisipalidad sa Italy), Associazione Ricreativa e Culturale Italiana – ARCI, Caritas Italiana, CeSPI kasama ang pambansang obserbatoryo nito, Ministry of Labour and Social Policies, IOM, at UNHCR.

Sa pakikipagtulungan ng UNHCR, ibig sabihin, nalalapat din ang brochure na ito sa mga benepisyaryo ng internasyonal na proteksyon (mga refugee, at mga taong binigyan ng subsidiary at humanitarian protection).

Sa tulong ng Ministry of Labour and Social Policies (at suporta ng Anpal Servizi SpA) at Osservatorio Nazionale sull'Inclusione Finanziaria dei Migranti (na may suporta ng PSG Translations), isinalin ang brochure sa ilan sa mga pinakaginagamit na wika ng mga



migrant, at ipinamahagi ito sa pamamagitan ng mga sariling paraan ng pakikipag-ugnayan at pakikipagsosyo ng Ministry.

Magsimula tayo sa pagpasok sa isang bangko.

PAGSISIMULA

Upang makakuha ng mga serbisyo ng isang bangko, kailangan mong magbukas ng current account, basic account, o savings account. Kung hindi mo alam ang ibig sabihin ng mga ito, makakakita ka ng paliwanag sa pahina 20 at 22.

Kung kailangan mo ng impormasyon, maaari kang:

- pumunta sa anumang bangko at magtanong sa teller; maaaring may mga available na dokumento at paliwanag sa sarili mong wika sa ilang pagkakataon;
- bumisita sa website ng bangko;
- tumawag, kung may call center at numero ng tulong ang bangko

Sa ilalim ng batas ng Italy, dapat magbigay ang sinumang gustong magbukas ng current account ng wastong dokumento ng pagkakakilanlan (o iba pang uri ng ID na itinuturing na katumbas nito sa ilalim ng kasalukuyang batas), at dapat din niyang ibigay ang kanyang tax code number. Dapat magpakita ang **mga foreign national** ng wastong pasaporte o card ng pagkakakilanlan, at dapat din nilang ipakita ang kanilang permit sa paninirahan (residence permit). Kung hindi ka isang tax resident ng Italy, kailangan mo lang ibigay ang tax code number kung mayroon ka nang ganito.

TINGNAN NANG MABUTI ang expiration date ng iyong permit sa paninirahan, gayundin ang kaugnayan nito sa uri ng iyong kontrata sa trabaho, at sa panahong kinakailangan sa pag-a-apply para sa pag-renew.

Dapat magpakita ang **mga benepisyaryo ng internasyonal na proteksyon** ng card ng pagkakakilanlan o dokumento sa paglalakbay sa halip na isang pasaporte, at kailangan din ng 5 taong permit sa paninirahan para sa mga refugee at benepisyaryo ng subsidiary protection.

TANDAAN: Para sa mga benepisyaryo ng internasyonal na proteksyon, maaaring i-renew ang mga permit sa paninirahan kahit wala silang trabaho.

May bisa nang dalawang taon at maaaring i-renew ang permit sa paninirahan ng **mga benepisyaryo ng humanitarian protection**. Maaari din itong gawing isang permit sa paninirahan para sa trabaho.

Nangangailangan ang karamihan ng mga serbisyo sa pakikipagtransaksyon sa bangko ng nilagdaang kontrata na nakasulat sa Italian.

❑ **Mula sa pagkakaroon ng access sa mga pinansyal na produkto o serbisyo, hanggang sa pagiging bahagi ng lipunan**

Sinusuportahan ng mga bangko ang mga immigrant sa pagsisimula sa bansa kung saan sila nakabase, at sinusubukan ng mga itong tugunan ang kanilang mga dumaraming pangangailangan sa pamamagitan ng iba't ibang produkto.

May pinansyal na epekto ang maraming aspeto ng buhay ng isang tao – mula sa mga simpleng pagbili (online o sa isang tindahan) hanggang sa mga pagbabayad na nauugnay sa pamamahala ng sambahayan, direktang pagbibigay ng sweldo, pag-iipon, pagkakaroon ng proteksyon mula sa mga hindi inaasahang pangyayari, pag-i-invest para sa hinaharap, pagsisimula ng negosyo, at pag-a-apply para sa credit. Hindi lang isang kinakailangan ang pinansyal na produkto o serbisyo rito, ito rin ang paraan upang mapamahalaan ang ating mga pinagkukunan sa pinakamahusay na paraan.

Sa pagkakaroon ng access sa mga pinansyal na produkto o serbisyo, napapadali at napapabilis ang pagiging bahagi ng lipunan, dahil binibigyang-daan nito ang pagiging tunay na mamamayan ng bansa batay sa naging kontribusyon sa ekonomiya (economic citizenship). Mahalaga ang pagiging isang tagapagpatakbo ng ekonomiya (economic operator) sa pagiging ganap na miyembro ng lipunan, at nakakamit ito, halimbawa, sa pamamagitan ng pagtatrabaho, pagsisimula ng mga aktibidad sa produkto, o pagbili ng bahay.

PAKIKIPAG-UGNAYAN SA BANGKO AT MADALING PAKIKIPAGTRANSAKSYON SA BANGKO

Kung mayroon ka nang current account, maraming paraan upang makahingi ka ng tulong at makapagsagawa ka ng mga transaksyon. Maraming available na paraan ng pakikipag-ugnayan ang mga bangko, kung saan mas naaangkop ang ilan sa pakikipag-ugnayan sa mga espesyal na tauhan, at mas madaling gamitin ang iba sa pakikipagtransaksyon sa bahay, maging sa gabi, o kapag wala kang oras upang personal na pumunta sa iyong branch.

Mga serbisyo sa Internet o mobile banking

Ang lahat ng bangko ay may serbisyo ng Internet banking, kung saan magagawa mong tingnan ang iyong current account online at magsagawa ng iba't ibang transaksyon.

Kung mayroon kang smartphone, halos lahat ng bangko ay mayroon nang app kung



saan magagawa mong tingnan ang iyong balanse at mga transaksyon sa cash, at magbayad at magdagdag ng pera sa iyong mga phone card at stored-value card.

Nakadepende ang bayarin sa mga transaksyon sa pamamagitan ng Internet banking at mobile banking sa uri ng iyong current account, ngunit kadalasan, pareho lang ang bayarin sa mga online na serbisyo, o mas mura pa ito kaysa sa bayarin sa teller window.

Kung gusto mong makipagtransaksyon sa bangko sa pamamagitan ng Internet, telepono, o smartphone, tandaang kailangan mong lumagda ng kontrata, at sumunod sa ilang simpleng panuntunan.

TANDAAN: Panatilihin pribado at ligtas ang mga access code na ibibigay sa iyo ng bangko para sa malayuang pakikipagtransaksyon sa bangko (user name, password, at PIN). Tandaang maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang **bangko** sa pamamagitan ng telepono, e-mail, o SMS, ngunit **hindi nito kailanman hihingin ang iyong mga access code (sa partikular, ang iyong kumpletong password)**. Kung ang mga ito ay hihingin ng sinumang nagsasabing mula siya sa iyong bangko, tiyak na isa itong scam!

- Isulat ang mga numero ng telepono ng bangko at itabi ang mga ito, lalo na ang numero ng call center.
- Direktang isulat ang address ng bangko sa navigation bar ng iyong browser (na may www.) at **huwag kailanman i-click ang mga link sa anumang email na matatanggap mo**, kahit mistulang nagmula ang mga ito sa iyong bangko.
- Palaging suriin ang mga bank statement na regular mong natatanggap mula sa bangko na nagdedetalye sa iyong mga transaksyon. Kung makakakita ka ng mga transaksyon na hindi ikaw ang gumawa, makipag-ugnayan kaagad sa call center ng iyong bangko, o personal na pumunta sa iyong branch.

Mga serbisyo sa telepono (call center)

Maaari mong gamitin ang iyong telepono upang tumawag sa isang nakalaang numero upang malaman ang balanse ng iyong account sa kasalukuyan, at ang mga isinagawa mong transaksyon sa cash. Maaari ka ring magsagawa ng mga transfer at, kadalasan, maaari ka ring magdagdag ng pera sa iyong phone card at mga stored-value card, o magbayad ng mga multa, buwis, at mga bayarin.

Maaaring toll-free o may bayad ang tawag; kung may bayad ito, hindi ito hihigit sa bayarin sa pagtawag sa isang lokal na numero.

Maaari kang humingi ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng iyong bangko

anumang oras. May mga operator din ang ilang call center para sa pakikipagtransaksyon sa bangko na gumagamit ng iyong wika.

Social Media

Maraming bangko ang nakikipag-ugnayan sa mga tao sa Facebook, Twitter, at iba pang nangungunang social media. Marami rin ang may nakalaang channel sa YouTube. Hindi nakikipagtransaksyon ang mga channel na ito, ngunit nagbibigay ang mga ito ng impormasyon tungkol sa mga produkto at serbisyo, at mga inisyatiba ng mga bangko sa iyong lugar, na kung minsan ay may kasama pang video. Kung minsan, mayroon ding nakalaang seksyon para sa tulong, na maaari mong gamitin upang humiling ng partikular na impormasyon.

TANDAAN: Nababasa ng lahat ng tao ang isinusulat mo sa mga social network. Huwag magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong current account o card sa pagbabayad!

TALAN NG MGA NILALAMAN

PAGPAPADALA NG PERA SA MGA KAPAMILYA

Ligtas ang pagpapadala ng pera sa pamamagitan ng iyong bangko!

ANO ANG KAILANGAN MONG GAWIN?	ANO ANG INIAALOK NG BANGKO?
Magpadala ng pera sa iyong pinagmulang bansa	Wire transfer p. 16
	Stored-value card p. 18
	Remittance p. 30

PAMAMAHALA NG IYONG PERA AT PAGBABAYAD

ANO ANG KAILANGAN MONG GAWIN?	ANO ANG INIAALOK NG BANGKO?
Magdeposito ng pera	Stored-value card p. 18
	Current account p. 20
	Passbook savings account p. 22
	Basic account p. 21
	Payment account p. 22
Mag-withdraw ng pera	Debit card p. 18
	Credit card p. 16
	Stored-value card p. 18
	Payment account p. 22



ANO ANG KAILANGAN MONG GAWIN? ANO ANG INIAALOK NG BANGKO?

Direktang ideposito ang iyong sweldo	Stored-value card	p. 18
	Current account	p. 20
	Basic account	p. 21
	Payment account	p. 22
Magbayad ng upa at mga bayarin	Bank check	p. 12
	Debit card	p. 18
	Wire transfer	p. 16
	Credit card	p. 16
	Stored-value card	p. 18
	Direct debit at serbisyong "CBILL"	p. 21
Mga pagbili at pagbabayad gamit ang cash	Bank check o cashier's check	p. 12
	Wire transfer	p. 16
	Debit card	p. 18
	Credit card	p. 16
Mga pagbili at pagbabayad sa Internet	Wire transfer	p. 16
	Credit card	p. 16
	Stored-value card	p. 18
Bayaran ang iyong mga buwis	Form na "F24"	p. 24

PAGLO-LOAN

Hindi awtomatikong nagpapautang ang mga bangko ng pera sa sinumang lumalapit sa mga ito. Nagsasagawa ang bangko ng pagtatasa ng kakayahang magbayad bago magbigay ng credit card, loan, o mortgage upang matiyak na mababayaran ng customer ang pera nang nasa oras.

Kung mas pamilyar ang bangko sa pinansyal na katayuan ng isang nag-a-apply para sa loan, mas marami itong matatasang impormasyon tungkol sa customer, at mas malaki ang posibilidad na magpahiram ito ng pera.

Halimbawa, kung dati nang nagbigay ang isang customer ng tseke nang walang sapat na pondo sa kanyang account, mahihirapan siyang mag-loan.

Bago mag-apply para sa isang loan na may interes, tiyaking sapat ang iyong kita upang unti-unting mabayaran ang pera, habang binabayaran mo rin ang bangko para sa gastusin sa serbisyo. Ang halaga ng loan sa porsyento ay tinatawag na "taunang rate ng porsyento ng singilin" (o TAEG).

Para sa ilang loan, kailangan itong i-insure:

- sa ilalim ng isang "life and investment risk policy," para sa "loan na kasinlaki ng ikalimang bahagi ng sweldo, o life policy para sa loan na kasinlaki ng pensyon";
- sa ilalim ng isang "non-life policy" na sumasaklaw ng mga sunog at pagsabog upang makakuha ng mortgage.

ANO ANG KAILANGAN MONG GAWIN? ANO ANG INIAALOK NG BANGKO?

ANO ANG KAILANGAN MONG GAWIN?	ANO ANG INIAALOK NG BANGKO?
Bumili ng bahay	Mortgage p. 25
Magbayad ng mga hindi inaasahang gastusin	Loan na kasinlaki ng ikalimang bahagi ng sweldo p. 20 Targeted na loan p. 29 Personal na loan p. 30
Bumili ng mobile phone, telebisyon, o mga household appliance	Targeted na loan p. 29
Magsimula ng hiwalay na aktibidad o negosyo	Microcredit p. 24 Loan para sa negosyo p. 30

Mag-ingat sa mga loan shark

Huwag lumapit sa mga maling tao na nangangako ng pinansyal na tulong, dahil maaari kang mabiktima ng mga loan shark.

Ang loan sharking ay isang krimen. Sa Italy, ang sinumang magpapa-loan at maniningil sa rate ng interes na mas mataas sa "threshold rate" na pinapahintulutan ng batas, upang mapagsamantalahan ang pangangailangan ng isang indibidwal ng pera ay paparusahan sa ilalim ng batas kriminal. Ginagamit ng loan sharking ang pangangailangan ng mga taong magkaroon ng pera sa pamamagitan ng pag-aalok sa mga nagigipit na indibidwal ng solusyong mukhang mabilis at madali. Kalaunan ay nagiging isa itong bitag, at napipilitan ang taong nabiktima ng loan sharking na humiling ng mga loan sa mas mataas pang rate, kaya naman mas lalo siyang nababaon sa utang.

Madalas ay iisa lang ang nakikinabang sa loan sharking

Kung ikaw ay nasa ganitong sitwasyon, maaari kang humingi ng tulong sa mga foundation laban sa loan sharking, organisasyon ng mga boluntaryo, simbahan, at mga help desk laban sa usury ng mga lokal na awtoridad, kapisanan sa pakikipagkalakalan, unyon sa pakikipagkalakalan, at mga kapisanan ng consumer. Mapapayuhan ka nila at, kung kinakailangan, matutulungan ka nilang i-access ang pondo para sa mga biktima ng usury na itinakda ng Art. 15 ng Batas 108/96, at iulat ang gawi sa loan sharking na naranasan mo.



Huwag lumapit sa mga loan shark kung nagigipit ka na. Maaari mong i-access ang pondo para sa pagpigil ng usury na itinakda ng Art. 15 ng Batas blg. 108/96 at, kung matutugunan mo ang mga kinakailangan, maaari kang kumuha ng mga loan na ginagarantiya ng estado, na ginawa, sa partikular, upang mapigilan ang loan sharking at idinisenyo para sa mga indibidwal at kumpanyang may mga problemang pinansyal.

Upang ma-access ang mga fund na ito, maaari kang makipag-ugnayan sa:

- mga lupon ng Confidi na nagbibigay ng garantiya, kung may-ari ka ng isang maliit na negosyo (artisan, merchant, atbp.)
- mga foundation laban sa loan sharking, kung nauugnay ang problema sa isang indibidwal (sa iyo o sa iyong pamilya).

Makikita ang listahan ng mga lupon ng Confidi na nagbibigay ng garantiya, at ang mga kapisanan at foundation laban sa loan sharking sa website ng Ministry of Economy and Finance: http://www.dt.tesoro.it/export/sites/sitodt/modules/documenti_it/prevenzione_reati_finanziari/antiusura/Elenco_associazioni_e_fondazioni.pdf

PAMAMAHALA NG IPON AT PANGANGASIWA NG MGA HIND

I INAASAHANG PANGYAYARI

Maraming iniaalok na solution ang iyong bangko kung gusto mong magtabi ng pera bilang ipon o para sa mga hindi inaasahang pangyayari. Magtanong sa iyong branch upang malaman ang pinakamainam na paraan ng pag-iipon batay sa mga pangangailangan mo at ng iyong pamilya, at ang mga uri ng insurance na naaangkop sa iyo.

Mayroon ding iba't ibang uri ng impormasyon tungkol sa pananalapi at pag-iipon na maaari mong gamitin bilang sanggunian (www.bancaditalia.it; www.consob.it; www.feduf.it).

Maaaring i-invest ang ipon sa maraming paraan. Sa pangkalahatan, kapag mas malaki ang maaaring kitain, mas malaki rin ang panganib. Sa performing investment, maibabalik ang na-invest mong pera nang may kasamang kita (*positive yield*), habang sa non-performing investment naman, mas maliit sa na-invest mong pera ang babalik sa iyo.

ANO ANG KAILANGAN MONG GAWIN? ANO ANG INIAALOK NG BANGKO?

Magtabi ng pera para sa iyong sarili at para sa kinabukasan ng iyong mga anak, at mag-invest nang kaunti	Deposit account	p. 21
	Passbook savings account	p. 22
	Accumulation plan	p. 28

ANO ANG KAILANGAN MONG GAWIN? ANO ANG INIAALOK NG BANGKO?

Pangasiwaan ang mga malalang pangyayari, gaya ng pagkamatay	Life insurance	p. 15
---	----------------	-------

Humingi ng refund para sa mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan, o pangasiwaan ang isang karamdaman	Health insurance	p. 14
--	------------------	-------

Humingi ng refund para sa mga gastusin kung ang pinsala ay naranasan sa o sanhi ng sasakyan o trabaho, o kaya ay ng personal na buhay; protektahan ang iyong tirahan at ang nilalaman nito mula a pagnanakaw/sunog	Non-life insurance	p. 14
--	--------------------	-------

Humingi ng bayad-pinsala kung napinsala ka at hindi ka makakapagtrabaho sa loob ng isang partikular na yugto ng panahon	Accident insurance	p. 14
---	--------------------	-------

Magkaroon ng mas mataas na pensyon	Supplementary pension	p. 28
------------------------------------	-----------------------	-------

Nakalista sa mga sumusunod na pahina ang mga pangunahing serbisyo na iniaalok ng mga bangko (bukod pa sa mga trading security), ang kanilang mga benepisyo, at ang mga bagay-bagay na dapat iwasan.



MGA INSTRUMENTO AT SERBISYO SA PAKIKIPAGTRANSAKSYON SA BANGKO

Bank check

Ginagamit ang mga bank check sa pagbabayad sa isang tao, at kailangan mo ng current account, kung saan iwi-withdraw ang pera, upang magamit ang mga ito.

❑ MAHALAGANG MALAMAN MO

Hindi awtomatikong nagbibigay ng mga checkbook: isinasailalim muna ng bangko ang customer sa pagtatasa ng kakayahang magbayad.

Kung magbibigay ka ng tseke upang bayaran ang isang tao, dapat ay sigurado kang may ganoong halaga sa iyong current account. Ang "pagpapatalbog" ng tseke, o ang pagsusulat ng tseke nang walang sapat na pondo para dito ay **labag sa batas at may mabibigat na kinahihinatnan**: mayroon itong mga parusa at maaari kang mahirapan sa paglo-loan o pagkuha ng credit card sa hinaharap.

Mag-ingat din sa mga tsekeng nakapangalan sa iyo: hindi mo mawi-withdraw ang pera hangga't hindi naki-clear ang tseke.

Ideposito kaagad ang mga tsekeng nakapangalan sa iyo upang matiyak na hindi ka lalampas sa mga legal na limitasyon ng panahon para sa pagbawi ng pondo kung tumalbog man ang tseke.

Laganap ang panloloko sa pamamagitan ng mga bank check, at madalas ay ginagawa ito sa pamamagitan ng pagkopya at pamemeke sa mismong tseke gamit ang isang larawan. Huwag pagkatiwalaan ang sinumang hihiling sa iyo na magpadala ng larawan ng tseke, halimbawa, upang kumpirmahin ang isang online na pagbili; kadalasan, isang scammer ang nasa likod ng ganitong kahilingan.

Magkakaroon lang ng bisa ang mga tseke, at ibibigay lang ng mga bangko ang pondo kung nakasulat sa mga ito ang sumusunod na impormasyon: lugar at petsa ng pagbibigay, halagang dapat bayaran (nang nakasulat gamit ang mga numero at salita), pangalan at apelyido ng taong tatanggap sa pagbabayad, at lagda ng nagbigay sa tseke.

Kung ipe-present ang tseke sa lungsod kung nasaan ang pangunahing tanggapan ng tagabayad na bangko (na naka-print sa tseke), aabutin nang 8 araw ang pag-clear. Kung ipe-present ito sa ibang lungsod, aabutin ito nang 15 araw.

Nakadepende ang bayarin sa mga tseke sa iyong bangko at sa uri ng current account na pinili mo. Maaaring magkaroon ng bayarin ang mga checkbook at indibidwal na transaksyon.



Cashier's check

Bukod sa bank check, may isa pang uri ng tseke: ang cashier's check.

Mas ligtas ang cashier's check kaysa sa bank check dahil ibinibigay ito ng bangko, at matitiyak mong available ang nakasaad na pondo rito.

Kung kailangan mong bayaran ang isang tao sa pamamagitan ng cashier's check, pumunta lang sa isang branch ng bangko. Kung may pag-aari kang account sa bangkong iyon, sisingilin ang halaga at bayarin sa tseke sa iyong current account; o kaya, kakailanganin mong bayaran ang kabuuang halaga sa cash sa panahon ng iyong paghiling.

Nakadepende sa bangko ang bayarin sa isang cashier's check.

May bisa lang ang isang cashier's check kung nakasulat dito ang mga salitang "assegno circolare" (cashier's check), ang pangalan at apelyido ng partidong tatanggap sa pagbabayad (*benepisyaryo*), ang petsa at lugar ng pagbibigay, at ang pangalan ng nagbigay na bangko.

Dapat i-present ng benepisyaryo, o ng tagatanggap ng cashier's check ang naturang tseke upang kunin sa loob ng 30 araw pagkalipas ng petsa ng pagbibigay rito, sa anumang branch ng nagbigay na bangko.

❑ Mahalagang impormasyon para sa lahat ng tseke (mga bank check at cashier's check)

- Sa mga bank o cashier's check para sa **halagang katumbas ng € 1,000 o higit pa**, dapat ay palaging nakasulat (bukod pa sa petsa at lugar ng pagbibigay, halaga, at lagda) ang benepisyaryo at ang **"clause tungkol sa pagiging hindi naililipat."**
- Dati nang nakasulat ang salitang **"non-transferable"** sa mga tsekeng ibinibigay sa iyo ng iyong bangko.
- Kung kailangan mong gumamit ng **mga tsekeng nasa malayang uri** (halimbawa, nang hindi nakasulat ang salitang "non-transferable") **para sa mga halagang wala pang € 1,000**, maaari mo itong hilingin sa iyong bangko.
- Sisingilin ka ng stamp duty na nagkakahalaga ng € 1.50 sa bawat **ibibigay na tsekeng nasa malayang uri**, na ibabayad ng bangko sa Estado.
- Tandaang **ipinagbabawal ang paglilipat ng cash at mga bearer instrument na nagkakahalaga ng € 3,000 o higit pa** sa pagitan ng mga pribadong indibidwal kapag walang pamamagitan ng mga awtorisadong partido gaya ng mga bangko. Nalalapat din ito sa mga paglilipat nang paunti-unti (halimbawa, sa pamamagitan ng ilang personal na tseke, kahit wala pang € 1,000 ang halaga ng bawat isa).



Dapat ding ideposito kaagad ang mga cashier's check dahil natatapos ang ilan sa mga proteksyon ng anumang partidong nag-eendorso ng tseke tatlumpong araw pagkalipas ng petsa ng petsa ng pagbibigay rito. Tandaan din na kadalasan, hindi naililipat ang nabanggit na tseke.

Upang makuha ang pondo, kailangan mong pumunta sa bangkong nakasaad sa tseke, at dalhin ang iyong card ng pagkakakilanlan, pasaporte, at dokumento sa paglalakbay kung tumatanggap ka ng internasyonal na proteksyon. O kaya, maaaring ideposito ang cashier's check sa iyong current account.

Non-life at accident insurance

Nagbabayad ang isang policyholder ng *premium* (ang halagang binabayaran sa insurance) sa non-life insurance upang makatanggap ng bayad-pinsala para sa mga maaari niyang gastusin kapag napinsala ang kanyang sasakyan o bahay o kapag nakaranas siya ng mga pinsalang nauugnay sa trabaho, at kapag napinsala niya ang ibang tao o ari-arian nang hindi sinasadya.

May partikular na uri ng insurance para sa bawat uri ng pinsala. Halimbawa:

- para sa sunog sa iyong sasakyan, bahay, o tindahan;
- para sa mga aksidente, kapag napinsala ka sa trabaho;
- Civil Liability, kung mapipinsala mo ang ibang tao o ari-arian nang hindi sinasadya;
- Motor Vehicle Civil Liability, kung mapipinsala mo ang ibang tao o ari-arian sa isang aksidente sa kalsada habang nagmamaneho ka: iniaatas ng batas ang patakarang ito;
- para sa panghukuman o legal na proteksyon, kung kailangan mong protektahan ang iyong mga karapatan at kung kailangan mo ng tulong ng eksperto o abugado;
- para sa paglalakbay, kung maaaksidente, mapipinsala, o mananakawan ka sa isang biyahe, o kung pupunta ka sa isang bansang walang libreng pangangalagang pangkalusugan (halimbawa, gaya ng Estados Unidos).

Health insurance

Sinasaklaw ng health insurance ang mga medikal na gastusin ng policyholder at, kung naaangkop, ang mga medikal na gastusin ng kanyang mga kapamilya. Nakadepende ang taunang premium ng patakarang, na maaaring bayaran nang installment, sa mga napiling garantiya sa insurance – ibig sabihin, ang mga karamdaman o pinsalang maaaring saklawin ang mga gastusin at ang halagang maaaring sagutin – at sa bilang ng mga kapamilyang naka-insure.

Hindi maaaring i-insure ang mga taong nakakaranas ng ilang partikular na sakit, gaya ng mga pasyenteng may mga problema sa pag-iisip, AIDS, o mga problema sa ipinagbabawal na gamot.

Nag-aalok ang ilang bangko ng insurance sa mga immigrant na sumasaklaw sa mga sumusunod:

- mga gastusin sa paglalakbay ng kapamilya at/o tulong sa mga anak kung sakaling maospital ang policyholder para sa mga malalang dahilan;



- biyahe ng policyholder pauwi sa kanyang pinagmulang bansa, kung sakaling may pumanaw siyang malapit na kapamilya;
- sa Italy, ang pagpapadala ng doktor kapag may emergency;
- isang numero ng telepono para sa impormasyon tungkol sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, o para sa kumpletong medikal na konsultasyon.

TANDAAN: Palaging tingnan kung may naibabawas ang isang insurance.

Life insurance

Tumutulong ang life insurance sa policyholder at sa kanyang pamilya na harapin ang ilan sa hindi magaganda at hindi inaasahang pangyayari sa buhay. Ang life insurance ay hindi dapat mapagkamalan bilang isa sa mga patakarang mayroon ding mga layunin sa investment, gaya ng mga patakarang nauugnay sa mga share sa mga mutual fund (na tinatawag na "unit linked").

Sa "term life insurance," may garantyang makakatanggap ng benepisyo (malaking halaga sa isang bagsak) o kita (maliit na halaga kada buwan) ang mga benepisyaryo kung sakali mang pumanaw ang policyholder. Nag-aalok ang ilang bangko ng insurance sa mga foreign national na sumasaklaw sa mga gastusin sa paghahatid ng labi sa pinagmulang bansa, kung sakali mang pumanaw ang policyholder. Ginagarantiya naman ng "whole life" insurance na makakatanggap ang policyholder ng benepisyo o life annuity kapag nag-mature na ang kontrata. Maaari ring makakuha ng life insurance sa pamamagitan ng mga pana-panahon o isahang taunang pagbabayad na tinatawag na "mga premium."

TANDAAN: Nauugnay ang access sa lahat ng uri ng insurance sa pagkakaroon ng regular na employer.

❑ Mga patakarang sa insurance sa pag-a-apply para sa isang loan o mortgage

Kung napagpasyahan mong mag-apply para sa isang mortgage o take-out loan, may mga patakarang sa insurance na nag-aalok ng karagdagang seguridad, na sasaklaw sa matitirang utang sa bangko sa oras na may hindi magandang mangyari, gaya ng pagkamatay, malalang pinsala, o pagkawala ng trabaho. Ang ganitong uri ng mga patakarang sa insurance ay maaari ding ialok ng nagpapa-loan na bangko. Kung kailangan ng bangko ng patakarang sa insurance sa pagpapa-loan, hindi ka nito mapipilit na gamitin ang sarili nitong patakarang.



Wire transfer

Sa wire transfer, maaari mong atasan ang iyong bangko na magpadala ng pondo sa ibang tao o kumpanya (*benepisyaryo*) mula sa iyong current account. Maaari ding mag-wire transfer sa pamamagitan ng “cash,” ibig sabihin, sa pamamagitan ng pagdadala sa pera sa teller window. Sa pag-wire transfer, kailangan mong ibigay sa bangko ang iyong pangalan, apelyido, at IBAN, at ang pangalan, apelyido, at IBAN ng benepisyaryo.

Ang IBAN (International Bank Account Number) ay isang internasyonal na code na malinaw na tumutukoy sa gumagamit ng serbisyo sa pagbabayad at/o account para sa isang transaksyon sa pagbabayad. Kinakailangan ito sa lahat ng lokal na wire transfer at para sa mga nakadirekta sa Single Euro Payments Area (SEPA). Isinasagawa ang mga wire transfer sa SEPA sa lokal at iba't ibang bansa nang naaayon sa mga nabanggit na pamamaraan.

Sa wire transfer sa Italy o SEPA, pumapasok ang pondo sa current account ng benepisyaryo sa loob ng isang araw ng negosyo; nagiging dalawang araw ito kung papel ang ginamit sa wire transfer.

Upang makapag-wire transfer sa isang bansang hindi kasama sa SEPA, dapat mong ibigay sa bangko, bukod sa iyong pangalan, apelyido, at IBAN, ang pangalan, apelyido, at IBAN ng account ng benepisyaryo (o iba pang code na tumutukoy sa account, dahil hindi lang iisa ang ginagamit na coding system ng mga bansa) at ang identification code ng bangko ng benepisyaryo: tinatawag itong “BIC code” o “SWIFT code” (tingnan din ang nasa ibaba, sa ilalim ng “Remittance”).

Nag-iiba ang mga bayarin depende sa bangko at uri ng napiling current account. Sa pangkalahatan, mas murang humiling ng wire transfer sa pamamagitan ng Internet banking kaysa sa teller window dahil naka-automate ang proseso rito.

Mula pa noong Nobyembre 2017, nagagawa na rin ng mga customer na “instant” na maglipat ng pondo sa account ng isang benepisyaryong nasa SEPA mula mismo sa kanyang account. Ang “instant na wire transfer” ay isang bagong serbisyong magagamit araw-araw, anumang oras, kung saan maaaring maglipat ng pondo hanggang sa maximum na halagang itinakda ng bawat bangko (hindi maaaring lumampas sa € 15,000). Dahil isa itong opsyonal na serbisyo, ilang bangko lang ang nag-aalok nito sa ngayon, ngunit paunti-unti itong gagawing available ng mga bangkong tumatakbo sa ilalim ng SEPA sa mga customer ng mga ito.

Tanungin ang iyong bangko kung available na ang serbisyong ito, at kung magkano ang bayarin dito.

Credit card

Dapat ay nasa hustong hulang ka na at may pag-aari kang current account upang makakuha ka ng credit card.

Kapag may credit card ka, makakabili ka ng mga bagay-bagay sa Italy at iba pang bansa nang hindi gumagamit ng cash sa pamamagitan ng Internet, sa telepono, at sa mga tindahan, gaano man kalaki ang pondo sa iyong current account. Iyon ang dahilan kung bakit tinatawag itong “credit” card.



❑ MAHALAGANG MALAMAN MO

Hindi awtomatikong binibigyan ng bangko ng credit card ang sinumang humihingi nito. Nagsasagawa muna ito ng pagtatasa ng kakayahang magbayad at, kadalasan, kailangan ay sapat ang kita ng isang indibidwal upang magarantiyang mababayaran ang perang gagastusin sa card.

Maaari mo ring gamitin ang iyong credit card upang mag-withdraw ng cash sa Italy at iba pang bansa, mga kalahok na branch ng bangko, o mga ATM na naka-enable para sa pagpapatakbo ng internasyonal na circuit na aktibo sa iyong card.

❑ MAHALAGANG MALAMAN MO

Wini-withdraw ang pondo sa iyong account pagkatapos mong gastusin ang pera (madalas ay sa loob ng isang buwan). Mahalagang tandaan mong tingnan ang laman ng iyong current account (ang iyong *balanse*) upang matiyak na mababayaran mo sa nagbigay ng card ang perang ginagastos mo sa iyong credit card.

Tingnan ang mga logo na naka-print sa iyong card upang malaman kung anong mga circuit ang tumatakbo rito: ang bawat logo ay may kaukulang circuit na tumatakbo sa card na iyon. Makikita mo rin sa iyong card ang uri nito: halimbawa, nakasulat ang salitang "credit" sa isang credit card.

TANDAAN: Upang magamit ang iyong credit card, kailangan mong maglagay ng numerong ikaw lang ang nakakaalam (PIN). Kadalasan, mas malaki ang sinisingil kapag ginagamit ang credit card sa pag-withdraw, kaysa kapag ginagamit ang debit card.

May uri ng credit card na tinatawag na "revolving", na ginagamit upang magbayad sa mga installment para sa mga pagbili mo.

TANDAAN: Bago mag-activate ng "revolving" card, basahin nang mabuti ang bawat clause sa kontrata, gaya ng dapat mong gawin sa tuwing mag-a-apply ka para sa loan.



Nakadepende sa bangko, at sa uri ng card at current account, ang presyo. Kadalasang may taunang bayarin ang mga credit card, at maaari ding magpataw ng malaking halaga kapag nag-withdraw ng cash, partikular na kung hindi ito gagawin sa bangkong nagbigay ng card.

Mas malaki ang magagastos mo kung bibili ka gamit ang revolving card dahil magbayad ka rin ng interes sa mga installment. Kumpara sa interes sa iba pang uri ng pagpopondo, karaniwang mas mataas ang rate ng interes sa perang gagastusin sa mga installment kapag gumamit ng revolving card.

Debit card

Dapat kang magbukas ng current account upang makakuha ng debit card. Magagamit mo ito upang mag-withdraw ng pera mula sa mga ATM at magbayad sa mga kalahok na tindahang may terminal para rito (POS). Sa Italy, gumagana ang karamihan ng debit card sa lokal na circuit ng BANCOMAT® at PagoBANCOMAT® – na eksklusibong magagamit sa Italy – at sa mga international na circuit.

Sa pamamagitan ng circuit ng BANCOMAT® at ng PagoBANCOMAT®, magagawa mong mag-withdraw ng cash at magbayad ng mga pagbili sa tindahan saanman sa Italy; kung naka-link ang card sa mga international na circuit gaya ng Visa Electron, Cirrus, at Maestro, magagawa mo ring mag-withdraw at magbayad sa ibang bansa.

Tingnan ang mga logo na naka-print sa iyong card upang malaman kung anong mga circuit ang tumatakbo rito: ang bawat logo ay may kaukulang circuit na tumatakbo sa card na iyon. Kung titingnan ang iyong card, malalaman mo rin kung anong uri ng card ito: halimbawa, makikita ang salitang “debit” sa isang debit card.

Gamit ang debit card, magagawa mong tingnan ang balanse at mga transaksyon sa iyong current account, lagyan ng load ang iyong mobile phone, magdeposito at mag-withdraw, o magbayad hanggang sa maximum na buwanang halaga.

Kapag nagbabayad o nagwi-withdraw, kinukuha agad sa iyong current account ang pera: ito ang dahilan kung bakit ito tinatawag na *debit card*.

Upang gamitin ang iyong debit card, kailangan mong ilagay ang lihim na numero (PIN) ng card mo, maliban kung para sa napakaliit na halaga kapag gumagamit ng card na may teknolohiyang “contactless” (sa ganitong sitwasyon, hindi mo kailangang ipasok ang card mo sa reader; sapat nang ilapit ito).

Nakadepende sa bangko at sa napiling uri ng current account ang presyo. Sa ilang sitwasyon, may taunang bayarin ang debit card, at maaari ding magpataw ng halaga kapag nag-withdraw ng cash, karaniwang kapag hindi mo ginawa ito sa bangkong nagbigay ng card.

Mas madaling direktang magbayad sa tindahan gamit ang iyong card, sa halip na mag-withdraw ng cash sa mga ATM.

Stored-value card

Ang ibig sabihin ng “stored-value” ay kailangan mong maglagay ng pera sa card bago ka gumastos nito. Magdaragdag ka ng pera sa card paminsan-minsan, at pagpapasyahan mo kung magkano ang ilalagay.



Sa tuwing magbabayad o magwi-withdraw ka, mababawasan ang pera sa card. Sa tuwing magdaragdag ka ng halaga, madaragdagan ang pera sa card.

Mainam gamitin ang stored-value card para sa taong bata pa at hindi pa kumikita, o para sa iyong mga anak.

Upang makakuha ng stored-value card, kailangan mong magpakita ng dokumento ng pagkakakilanlan at ng permit sa paninirahan mo; sa maraming bangko, hindi kinakailangan ang pagkakaroon ng current account.

Gamit ang stored-value card, magagawa mong mag-withdraw ng cash mula sa mga ATM at magbayad sa mga awtorisadong tindahan sa Italy, pati sa ibang bansa kung naka-link ang card sa mga international na circuit.

Tingnan ang mga logo na naka-print sa iyong card upang alamin kung sa aling mga circuit ito magagamit: tumutukoy ang bawat logo sa isang circuit kung saan magagamit ang card na iyon. Kung titingnan ang iyong card, malalaman mo rin kung anong uri ng card ito: halimbawa, makikita ang katagang "stored-value" sa isang stored-value card.

Magagamit mo ang iyong stored-value upang bumili sa Internet nang may mas maliit na posibilidad ng kapahamakan.

Upang gamitin ang iyong stored-value card, kailangan mong ilagay ang lihim na numero ng card mo (PIN), maliban kung para sa napakaliit na halaga kapag gumagamit ng card na may teknolohiyang "contactless."

May IBAN ang ilang stored-value card, na magagamit upang tumanggap ng credit at magbayad gaya ng payment account, halimbawa, sa pamamagitan ng mga wire transfer o direct debit.

Nakadepende sa iyong bangko ang gastusin, ngunit karaniwang magbabayad ka sa simula, upang bilhin ang card, at tuwing naglalagay o kumukuha ng pera rito.

TANDAAN para sa lahat ng credit, debit, at stored-value card:

PARA SA IYONG KALIGTASAN Iminumungkahing kabisaduhin mo ang iyong PIN; kung gusto mo itong isulat, tiyaking nakahiwalay sa card mo ang sinulatang papel (huwag kailanman ilagay sa iyong wallet at/o bag kasama ng card mo), at iwasan ding isulat ito sa iyong mobile phone.

Kung mawawala o mananakaw ang card mo, abisuhan kaagad ang iyong bangko o ang nagbigay ng card upang ipa-block ito, at maghain ng ulat sa mga naaangkop na awtoridad. Makikita mo sa website ng bangko o sa mga ATM ang mga toll-free na numerong dapat tawagan.



Loan na kasinlaki ng ikalimang bahagi ng sweldo

Kung nagtatrabaho ka sa ilalim ng pangmatagalang kontrata o nakakatanggap ka ng pensyon, isang paraan upang makakuha ng loan sa bangko ang pag-loan ng ikalimang bahagi ng sweldo o pensyon.

Bibigyan ka ng bangko ng personal na loan na babayaran ng iyong employer/provider ng pensyon; awtomatikong babawasan ng ikalimang bahagi (20%) ang iyong payslip o buwanang pensyon.

Current account

Ito ang pinakamahalagang serbisyo, dahil naka-link sa current account ang lahat ng iba pang serbisyo sa pagbabangko. Magagawa ang lahat ng iba pang transaksyon sa pagbabangko sa pamamagitan ng current account, gaya ng pagbabayad at pagtanggap ng bayad, direktang pagdeposito ng sweldo, pagkuha ng debit card o credit card, pagkuha ng insurance, pag-apply para sa loan, pagsusulat ng tseke, pagbabayad ng mga bill, at pamamahala ng pag-iipon. Maaaring iparehistro at gamitin ang current account para sa isa o higit pang tao, o sa isang negosyo.

Maraming Italian na bangko ang nag-aalok ng current account na may karagdagang serbisyo (*mga package na current account*), na idinisenyo para sa mga pangangailangan ng mga foreign national.

Kadalasang libreng magbukas ng current account, ngunit maaaring maningil ng buwis. Gayunpaman, gaya ng lahat ng serbisyo sa pagbabangko, may gastusin kapag gumagamit ng current account, at dedepende ito sa napiling uri ng account at kung paano ito gagamitin.

Bago pumili ng account, tandaang may mga nakatakdang gastusin (gaya ng fee, isang nakatakdang rate na kadalasang buwanang halaga) at nagbabagong gastusin para sa iba't ibang transaksyon. Kapaki-pakinabang na sukatan para sa pagsusuri ng mga ga-

❑ Ang dapat gawin kapag gusto mong maglipat ng mga serbisyo sa pagbabayad sa isang account mula sa isa pa

Kung mapagpasyahan mong ilipat sa isa pang account ang ilan o lahat ng serbisyo sa pagbabayad o ang positibong balanseng laman ng kasalukuyan mong account (isasara mo man ito o hindi), magagawa mo ito sa pamamagitan ng direktang paghiling sa iyong bagong bangko. Magaganap ang paglilipat sa petsang pipiliin mo (hindi bababa sa 12 araw ng negosyo matapos isumite ang kahilingan), at libre ito. Ibibigay ng dalawang bangko ang kinakailangang tulong upang masimulan nang wasto ang proseso at tiyaking magagawa ito. Para sa higit pang impormasyon, mainam na kumonsulta sa nauugnay na patakaran sa website ng ABI (www.abi.it).



stusin sa isang current account ang indicator ng kabuuang gastusin (**ISC - Indicatore Sintetico di Costo**) na nakasaad sa sheet ng impormasyon ng current account. Nagbibigay ang ISC ng ideya ng kabuuang gastusin ng current account, batay sa mga bayarin at komisyon na maaaring singilin sa customer sa loob ng isang taon, hindi kasama ang mga singil para sa buwis at interes.

Magpapadala ng bank statement ang bangko sa address ng bahay ng customer isang beses sa isang taon o mas madalas pa: ang bank statement ay listahan ng lahat ng transaksyong naganap at ng mga gastusin sa iyong current account.

Basic Account

Ang serbisyong ito, na ibinibigay alinsunod sa mga regulasyon sa bansa at sa Europe, ay payment account na idinisenyo para sa sinumang may mga simpleng pangangailangan sa pagbabangko, gaya ng pagdedeposito, pagwi-withdraw ng pera, direktang pagdedeposito ng sweldo, at pagkuha ng debit card at payment card na magagamit din online. Hindi maaaring magbigay ng mga linya ng credit o overdraft sa basic account.

Nag-iiba depende sa bangko ang gastusin sa ganitong account, ngunit karaniwang maliit lang ito, may fee na sumasaklaw sa partikular na bilang ng mga transaksyon, at maaaring magbayad para sa bawat transaksyong gagawin na lalampas sa nakatakdang bilang. Libre ang basic account para sa ilang partikular na uri ng mahihirap na customer at pensioner.

Deposit account

Naiiba ang mga deposit account sa mga current account, dahil may garantisadong partikular na halaga ng yield sa simpleng pagdedeposito ng pera.

Kadalasang libre ang mga deposit account, ngunit pagdedeposito at pag-withdraw lang ang magagawa sa pera, gaya ng "alkansya" para sa mga ipon mo.

Nag-iiba depende sa bangko ang presyo ng account na ito, ngunit kadalasang mura

❑ MAS MASUSING PAGTINGIN: Direct debit at ang serbisyong CBILL

Sa pang-araw-araw na pananalita, tinatawag itong direct debit sa iyong account. Isa itong serbisyong nauugnay sa account na nagbibigay-daan sa bangko na awtomatikong magsagawa ng mga regular na pagbabayad para sa iyo, gaya ng mga bayarin sa iyong gas, mga bill sa tubig at telepono, at mortgage at/o loan, na sisingilin sa current account mo. Kinakailangan ng serbisyo na lumagda ka muna sa form na nagpapahintulot na singilin ng ahensya o kumpanyang kailangan mong bayaran ang account mo. Gaya sa mga wire transfer, sumusunod sa parehong pamamaraan ang lahat ng direct debit sa SEPA, sa pagitan man ng mga lokal na account o ng mga account sa magkaibang bansa. Abot-kaya rin ang serbisyo ng direct debit: sa maraming bangko, inihahatid ito nang libre o sa mababang halaga.



lang ito. Maaaring dumepende ang yield ng deposit account sa yugto ng panahon kung kailan paghihigpitan ang nadepositong pera.

Hindi lahat ng bangko ay mayroon ng serbisyong ito.

TANDAAN: Kapag humiling kang i-activate ang serbisyong direct debit, mahalagang subaybayan ang iyong balanse, upang matiyak na mayroon kang sapat na pondo para sa kinakailangang bayarin. .

Payment account

Isa itong account sa bangko na pag-aari ng isa o higit pang user ng mga serbisyo sa pagbabayad at ginagamit para sa pagsasagawa ng mga transaksyon gaya ng pagdedeposito, pagwi-withdraw, at paglilipat ng pera (tinatawag na "mga transaksyon sa pagbabayad").

Gumagana rin gaya ng mga payment account ang mga stored-value card na may IBAN; nagbibigay-daan ito sa mga may-ari ng card na tumanggap at magsagawa ng mga pagbabayad sa pamamagitan ng mga wire transfer o direct debit gaya ng pamamaraang sinusunod sa karaniwang payment account.

TANDAAN: Ang current account ay "lagayan" ng iba't ibang serbisyo (mga serbisyo sa pagbabayad, serbisyo sa pananalapi, paggamit ng mga safety deposit box, at iba pa). Ang payment account ay mas maliit na "lagayang" nagbibigay lang ng mga serbisyo sa pagbabayad, na nagbibigay-daan sa customer na magsagawa at makatanggap ng mga pagbabayad sa account. Maaari ding mag-alok ng payment account ang mga entity na hindi bangko na awtorisado ng Banca d'Italia.

Passbook savings account

Ang passbook savings account ay paraan ng pamamahala sa ipon mo, at gaya ng deposit account, mayroon itong garantisadong partikular na halaga ng yield.

Gamit ang passbook savings account, maaari ka lang mag-withdraw at magdedeposito ng pera sa branch ng iyong bangko – hindi sa iba pa. Tuwing magdedeposito o magwi-withdraw ka, itatala ang transaksyon sa isang passbook, at tutukuyin din kung magkano ang halagang natira pagkatapos ng transaksyon.

Nag-iiba depende sa bangko ang presyo.



TANDAAN: Itago sa ligtas na lugar ang iyong passbook. Kung maiwala mo ito, magulat kaagad sa iyong bangko at sa mga awtoridad ng batas. Pagkalipas ng 90 araw, makakakuha ka na bagong passbook na papalit sa nawalang passbook.

❑ MAHALAGANG MALAMAN MO

Maaaring maningil ng buwis para sa lahat ng iba-ibang uri ng ugnayang nakalista sa itaas. Maaaring sumingil ng stamp duty sa mga halagang iniaatas ng batas, depende sa sitwasyon, bukod pa sa 26% withholding tax na ipinapataw sa interes na kinikita ng customer mula sa bangko. Sa alinmang sitwasyon, kinakailangang ibayad ng bangko sa Estado ang mga halagang ito.

❑ MAHALAGANG IMPORMASYON

- Ipinagbabawal ang paglilipat ng cash at mga bearer instrument na nagkakahalagang € 3,000 mahigit sa pagitan ng mga pribadong indibidwal kapag walang pamamagitan ng mga awtorisadong partido gaya ng mga bangko. Nalalapat din ito sa mga paglilipat nang paunti-unti (halimbawa, sa pamamagitan ng ilang personal na tseke, kahit wala pang € 1,000 ang halaga ng bawat isa).
- Ipinagbabawal ang pagbubukas ng mga passbook savings account o iba pang account (at ang paggamit ng mga ito kung sa ibang bansa binuksan) nang anonymous o nakarehistro sa ilalim ng pekeng pangalan.
- Kinakailangang may pangalan ang mga passbook savings account mula sa bangko o koreo. Kung mayroon ka pa ring mga bearer passbook, mayroon kang hanggang ika-31 ng Disyembre 2018 upang isara ang mga ito. Bawal ilipat ang mga ito.
- Nalalapat ang mga sumusunod na multa:
 - € 250 hanggang € 500 para sa paglilipat ng mga bearer passbook at para sa hindi pagsasara ng mga ito bago sumapit ang ika-31 ng Disyembre 2018
 - Mula 10 hanggang 40% ng balanse para sa paggamit ng mga anonymous o pekeng inirehistrong account o passbook.



Microcredit

Ang microcredit ay pamamaraan sa pananalapi na naglalayong mabigyan ng pampinansyal at panlipunang oportunidad ang mga indibidwal (mga tao o maliit na kumpanya) na nahihirapang mag-access ng mga tradisyonal na uri ng paghiram ng pera. Ang pinakamahalagang salik ng microcredit ay ang pagbibigay ng “mga karagdagang serbisyo” na naglalayong mapaliit ang posibilidad ng kawalan ng kakayahang magbayad ng borrower (taong kumukuha ng loan). May dalawang uri ng microcredit:

- Idinisenyo ang “panlipunang microcredit” para sa mga indibidwal na may kahirapan sa pananalapi at lipunan; mayroon itong maximum na halagang € 10,000 at wala itong collateral. Dapat ibigay ang mga loan kasama ng mga serbisyong tutulong sa mga borrower na pamahalaan ang badyet ng pamilya (halimbawa, ang pamamahala ng pagpasok at paglabas ng pera);
- Ang “pangnegosyong microcredit” ay para sa mga taong gustong magsimula o magpatatag ng sariling hanap-buhay o maliit na negosyo, at ibinibigay ito sa halagang hindi lalampas sa € 25,000. Ang mga loan na ito ay hindi sinusuportahan ng collateral, at may mga kasamang karagdagang serbisyo upang tulungan at subaybayan ang mga borrower.

Hindi lang maliliit na loan ang mga ito, kundi pinagsamang supply ng pampinansyal at hindi pampinansyal na serbisyo.

TANDAAN: Susuriin ng bangko ang pagiging kwalipikado ng borrower na kumuha ng loan, at kung naaangkop, ang hanap-buhay na pinaplano niyang simulan, bago ibigay ang microcredit, upang malaman kung kaya niyang bayaran ang utang.

Form F24

Gumagamit ng form na tinatawag na “F24” ang mga pribadong indibidwal upang magbayad ng mga buwis (mga direct tax, VAT, lieu tax), kontribusyon, at premium (halimbawa, mga kontribusyon sa INPS o INPDAD para sa social security, at mga kontribusyon sa INPS o INAIL para sa welfare).

Sa pamamagitan ng Form F24, magagawa mong balansehin ang perang dapat mong ibayad at ang perang matatanggap mo, at mababayaran mo ang natitirang halaga sa iisang transaksyon.

Maaari mong isumite ang papel na bersyon ng F24 sa branch ng iyong bangko, sa mga ahensyang kumokolekta nito, at sa iba pang provider ng serbisyo sa pagbabayad, o maaari mo itong punan online:

- sa website ng ahensya ng kita na Agenzia delle Entrate (*Fisconline* para sa mga pribadong indibidwal at *Entratel* para sa mga may-ari ng numero ng pagpaparehistro ng VAT), kung saan makakakita ka ng higit pang impormasyon kung paano magbayad



- sa website ng iyong bangko (pagbabangko sa bahay/pagbabangko sa Internet para sa mga pribadong indibidwal at CBI–Corporate Banking Interbancario/malayuag pagbabangko para sa mga may-ari ng numero ng pagpaparehistro ng VAT);
- sa website ng Poste Italiane.

Sa pamamagitan lang ng Internet maaaring magbayad ang mga may-ari ng numero ng pagpaparehistro ng VAT (mga tao at kumpanyang self-employed, propesyonal na free-lancer, o gumagawa ng produkto).

Maaari mong atasan ang iyong financial manager o welfare agency na isumite ang iyong F24 form.

Libre ang serbisyo ng F24 form.

Mortgage

Karaniwang tumutukoy ang katagang “mortgage” sa loan sa mortgage – loan upang makabili ng bahay, na pinoprotektahan ng lien, o mortgage (ikumpara sa tala sa ibaba), sa mismong bahay.

Pana-panahong binabayaran ang loan sa mga nakatakhang yugto, karaniwang buwan-buwan o kada tatlo o anim na buwan. Maaaring pare-pareho ang babayaranang halaga, o maaaring pana-panahon itong magbago, depende sa napiling rate ng interes, na maaaring nakatakda, nagbabago, o kumbinasyon ng dalawa.

Ang termino ng mortgage ay kadalasang nagtatagal nang lima hanggang tatlumpung taon, at karaniwang hindi pinopondohan ang kabuuang halaga ng bahay. Mayroon ding mga karagdang bayarin para sa *pagsisiyasat* (ang yugto kung saan binubuksan ng bangko ang proseso ng pagpopondo at sinusuri nito ang pagiging kwalipikadong kumuha ng loan) at *pagkakalkula* (kapag kinakalkula ng appraiser ang halaga ng bahay). Tandaang kakailanganin mo ring bayaran ang notary public na magsusulat ng deed ng pagbili sa bahay at ng mga kasunduan sa loan.

MAHALAGANG MALAMAN MO

Kapag bumibili ng bahay, iniaatas ng batas na kumuha ka ng mandatoryong insurance na sumasaklaw sa posibilidad ng pagkakaroon ng sunog/pagsabog. Maaari ding ang lender (ang nagbibigay ng loan) ang mag-alok sa iyo ng insurance na ito.

Upang mag-apply para sa mortgage, karaniwang kailangan mong gawin ang mga sumusunod:

- magdala ng mga partikular na dokumento sa iyong bangko (ID o pasaporte, o dokumento ng paglalakbay para sa mga benepisyaryo ng international na proteksyon, numero ng tax code, at permit sa paninirahan).



- magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong mga available na resource at kita mula sa trabaho o sariling hanap-buhay, karaniwang ipinapakita ang form na tinatawag na CUD (*certificazione unica dei redditi di lavoro dipendente* – natatanging sertipikasyon ng kita mula sa pagtatrabaho), ang mga pinakabagong payslip mo, at/o ang isang pahayag mula sa iyong employer.
- dalhin ang lahat ng papeles ng bibilhing bahay (hal. paunang kontrata ng pagbili, mga dokumento ng land registry, mga sertipikasyon, at iba pa).

TANDAAN: Ang mortgage ay pampinansyal na pananagutang dapat pag-isipang mabuti, dahil sumasaklaw ito ng mahabang panahon at higit na makakaapekto ito sa buwanang paggastos mo. Dapat ay hindi kailanman lumampas sa ikatlong bahagi ng iyong sweldo ang halaga ng bayarin, upang matiyak mong mababayaran mo ang mga bill, matutugunan mo ang mga pang-araw-araw at hindi inaasahang gastustin, at maging handa ka sa mga posibleng pagliit ng kita dahil sa pagkakasakit, pagkakapinsala ng katawan, o pagkawala ng trabaho. Mahalagang tandaang kung nagbabago ang rate ng interes, maaaring higit na lumaki ang bayarin mo.

Nakadepende ang pagbibigay ng mortgage sa pagsusuri ng bangko at sa kakayahang magbayad ng borrower.

Kapag binigyan ka ng loan ng bangko, gagawing collateral ang iyong bahay para sa bangko (*lien*). Dapat bayaran sa takdang oras ang mga installment; kung hindi, maaaring bawiin ang pagmamay-ari mo sa iyong bahay.

Kung gusto mong ayusin at pagandahin ang bahay mo, ngunit wala kang sapat na pera upang ipagawa ito, maaari kang kumuha ng isa pang loan sa iyong bangko.

❑ **Pondo ng garantiya sa pangunahing tirahan** **(Fondo di garanzia per la prima casa)**

Sinusuportahan ng Pondong ito ang access sa pagkuha ng loan sa pamamagitan ng pagbibigay ng garantiyang hanggang 50% ng mga principal na bayarin ng mortgage na ibinibigay ng mga bangko o tagapamagitan para sa pananalapi.

Hindi dapat lumampas sa € 250,000 ang loan, at gamitin dapat ito para sa pagbili ng ari-ariang gagamitin bilang pangunahing tirahang walang magagarang kagamitan, at para sa pamamagitan ng pagbili, pagpapaayos, at pagpapahusay ng paggamit ng kuryente.

sumusunod



patuloy

Ipinangako ng mga lender na hindi manghingi ng karagdagang garantiyang hindi para sa insurance mula sa mga borrower, alinsunod sa mga limitasyong pinapahintulutan ng naaangkop na batas, bukod pa sa mortgage sa ari-arian. Walang limitasyon batay sa kita ang access sa pondo, na ibinibigay para sa lahat ng posibleng borrower, ngunit isinasaprioridad ang mga sumusunod: mga nakababatang magkaparehang nasa hustong gulang, sambahayang may kahit isang miyembrong wala pang 35 taong gulang o menor-de-edad; empleyadong wala pang 35 taong gulang na may hindi karaniwang kontrata sa trabaho; at mga tenant sa mga tirahang pag-aari ng mga nagsasariling pampublikong institusyon sa pabahay (Istituti autonomi per le case popolari). Para sa mga isinasaprioridad na loan, ang maximum na limitasyon ng taunang porsyento ng rate ng singil (TAEG) na nalalapat sa mga loan ay katumbas ng average na aktwal na kabuuang rate sa mga loan ayon sa publication ng Ministry of Economy and Finance na inilalabas kada quarter alinsunod sa Batas blg. 108 ng Ika-7 ng Marso 1996.

Ang mga bangko at tagapamagitan para sa pananalapi na nakikilahok sa inisyatiba (may listahan ng mga ito sa website ng manager na Consap Spa) ay maaaring magsuspende ng mga pagbabayad at/o gumamit ng iba pang opsyonal na pamamaraan upang protektahan ang mga borrower na nahihirapan sa pagbabayad ng kanilang mga loan.

□ Portability ng mortgage

Ayon sa batas, at alinsunod sa Art. 120 - quater ng pinagsama-samang batas sa pagbabangko (Testo Unico Bancario – TUB), maaari mong “ilipat” ang iyong mortgage mula sa isang bangko papunta sa isa pa (“portability”). Samakatuwid, maililipat ang mortgage sa ilalim ng mga tuntunin at kundisyon na pinagkasunduan ng borrower at ng tagapamagitan kung saan ililipat ang mortgage.

Dapat isumite ang kahilingan sa bangko kung saan ililipat ang mortgage.

Dapat tapusin ang proseso sa loob ng 30 araw ng trabaho mula sa petsa kung kailan hiniling ng borrower sa bangko na kunin sa orihinal na lender ang eksaktong halagang dapat pang bayaran.

Hindi maaaring atasan ang borrower na magbayad ng mga bayarin o komisyon para sa pagbibigay ng bagong loan, para sa pagsisiyasat at para sa mga pagsusuri ng land registry, kapag inilipat ang mortgage. Hindi maaaring magpataw ng anumang uri ng bayarin, at

sumusunod

*patuloy*

mananatili ang anumang benepisyo sa buwis, gaya ng mga nauugnay sa pagbili ng pangunahing tirahan.

Kung gugustuhin ng borrower na ilipat ang mortgage, maaari pa ring baguhin ng borrower at ng orihinal na lender ang mga tuntunin at kundisyon ng kasalukuyang kasunduan nang walang bayad, sa pamamagitan ng pribadong kontratang hindi kinakailangang i-authenticate.

❑ Pag-refinance ng iyong mortgage

Tumutukoy ang pag-refinance sa pagbabago ng mga tuntunin ng kontrata ng orihinal na mortgage sa tulong ng iyong bangko/tagapamagitan para sa pananalapi. Kadalasang humihiling ang borrower ng pag-refinance upang mabawasan ang halaga ng bayarin sa pamamagitan ng paghiling na gawing nagbabago ang nakatakdang rate sa kontrata, o kabaliktaran nito, upang masulit ang mga oportunidad na kaakibat ng mas mabababang rate ng interes sa merkado, o upang pahabain ang termino ng pagbabayad ng principal. Hindi mandatoryo para sa lender ang gawaing ito.

Supplementary pension

Gaya ng mahihinuha sa pangalan, nagbibigay-daan ang supplementary pension na makapagdagdag ka sa iyong pensyon mula sa estado sa pamamagitan ng regular na pagbabayad upang makatanggap ng kita, o sa ilalim ng ilang partikular na kundisyon, makatanggap ng pinagsama-samang kapital.

Maaaring kumuha ng supplementary pension nang hiwalay o maaaring ibatay ito sa kasunduan sa employer: kapag nakapili na ng uri ng pensyon (pinagkasunduang plano, bukas na pondo ng pensyon, o indibidwal na plano ng pensyon), regular na magbabayad ng partikular na halaga ang empleyado at employer hanggang sa magretiro ang empleyado (maliban kung iba ang napagkasunduan nila ng employer).

Accumulation plan

Sa pamamagitan ng accumulation plan, posibleng mag-invest ng kahit maliliit na halaga sa isang nakabahaging pondo, na babayaran ayon sa kakayahan mo (halimbawa, kada isa, dalawa, tatlo, o anim na buwan). Ang nakabahaging pondo ay pamamaraan sa pag-invest na gumagamit ng mga nakabahaging ipon na pinamamahalaan ng mga espesyal na kumpanya.



Makakapili ka sa iba't ibang uri ng pondo: kung mas malaki ang posibleng kitain, mas malaki rin ang maaaring ikalugi. Sinasagot ng pondo ang mga sarili nitong gastusin, na nakakaapekto sa mga resulta ng investment. Maaaring patawan ng buwis ang kita, kung mayroon man.

Kadalasang nagtatagal nang lima o anim na taon ang accumulation plan, ngunit kung dumating ang panahong wala ka nang mailalaang pera, o bigla kang mangailangan ng pera, maaari mong itigil ang pagbabayad anumang oras, at ibabalik sa iyo ang bahagi ng pondo na dapat mong matanggap.

May sari-sariling katangian ang bawat produkto sa investment. Tiyaking alam at napag-isipan mo ang lahat ng posibleng bayarin, kabilang ang para sa maagang paghinto.

❑ MAHALAGANG MALAMAN MO

Sa performing investment, maibabalik ang na-invest mong pera nang may kasamang kita (*positive yield*), habang sa non-performing investment naman, mas maliit sa na-invest mong pera ang babalik sa iyo.

Targeted na loan

Kung kailangan mong maglakbay, o bumili ng kotse, mga libro para sa pag-aaral ng iyong mga anak, o mga kagamitan, appliance, at electronics para sa bahay, at hindi ka agarang makapaglaan ng pera para sa mga ito, maaari kang humiling ng “targeted” na loan, isang loan na para mismo sa pagbili ng produktong iyon, mula sa tindahan o sa iyong bangko.

Nagbibigay ng loan ang bangko matapos i-verify ang posisyon at kakayahang magbayad ng borrower.

Maaaring nakatakda o nagbabago ang mga bayad para sa loan, depende sa planong napagkasunduan ninyo ng bangko. Batay sa halaga at termino ng loan, at sa mga pag-susuri ng bangko, maaaring kailanganin mong magbigay ng collateral upang makuha ang halagang kailangan mo.

TANDAAN: Kung gusto mong bumili ng isang bagay sa pamamagitan ng mga installment, huwag ituan ang iyong pansin sa halaga ng installment na kakailanganin mong bayaran, kundi sa taunang porsyentong rate ng singil (TAEG), na nagbibigay-daang maunawaan mo ang kabuuang halaga ng loan, partikular na ang halaga ng interes at bayaring sasagutin mo.



Loan para sa negosyo

Maaaring magpahiram ng pera ang mga bangko sa mga foreign national na magpapasayang magsimula ng nagsasariling aktibidad o magbukas ng sarili nilang negosyo sa Italy. Matutulungan ka nilang pumili ng current account at loan na pinakamainam sa iyong aktwal o potensyal na negosyo. Makikipagtulungan sila sa iyo upang suriin kung ano ang kailangan mo, kung bakit mo kailangan ang mga ito, at kung gaano katagal bago mo mababayaran ang loan.

Personal na loan

Maaaring magpahiram ng pera ang mga bangko sa mga foreign national na magpapasayang magsimula ng nagsasariling aktibidad o magbukas ng sarili nilang negosyo sa Italy. Matutulungan ka nilang pumili ng current account at loan na pinakamainam sa iyong aktwal o potensyal na negosyo. Makikipagtulungan sila sa iyo upang suriin kung ano ang kailangan mo, kung bakit mo kailangan ang mga ito, at kung gaano katagal bago mo mababayaran ang loan.

Personal na loan

Maaari ka ring mag-apply sa iyong bangko kung kailangan mo ng pera para sa mga pang-araw-araw na gastusin gaya ng mga bill sa utility, gastusin sa pagpapagamot, mga buwis, at libro para sa pag-aaral, o para sa hindi inaasahang pangangailangan.

Kapag nag-apply ka para sa personal na loan, karaniwang hihingin sa iyo ng bangko ang ilang partikular na dokumento:

- ID o pasaporte, dokumento ng paglalakbay para sa mga benepisyaryo ng international na proteksyon;
- numero ng tax code;
- permit sa paninirahan;
- kontrata sa trabaho.

Upang bayaran ang bangko para sa iyong loan, regular (kadalasang kada buwan) kang magbibigay ng partikular na halaga (karaniwang nakatakda). Kabilang sa halagang ito ang bayad para sa bahagi ng principal at ng interes. Palaging tingnan ang taunang porsyentong rate ng singil (TAEG) upang maunawaan mo ang halaga ng sinasagot mong interes at mga bayarin, bukod pa sa halaga ng principal.

Remittance

Maaari kang gumamit ng remittance upang magpadala ng pera sa bansang pinagmulan mo mula sa Italy.

Sa bangko, maaari kang humiling ng remittance sa pamamagitan ng wire transfer o ng iyong stored-value card.

Nag-iiba depende sa bangko ang presyo ng remittance. Tanungin muna ang iyong bangko o bumisita sa www.mandasoldiacasa.it, kung saan mapaghahambing mo ang mga presyo ng remittance na iniaalok ng mga bangko at ng iba't ibang operator sa Italy.



Mas mabagal ang remittance sa pamamagitan ng bangko kumpara sa iba pang operator, ngunit mas mura rin ito. Kung kailangan mong magpadala ng pera sa malayong lugar o sa lalong madaling panahon, iniaalok ng ilang bangko ang serbisyong ito sa tulong ng mga operator ng remittance, bagama't maaaring mas mahal ito.

❑ MAHALAGANG MALAMAN MO

Bukod pa sa presyo, nag-iiba rin depende sa bangko ang tagal ng pagdating ng pera sa dapat nitong patunguhan.

Nagkakaproblema ka ba sa isang bangko?

Kung magkaroon ng pagkakamali o kung mayroon kang problema sa isang bangko (kahit na hindi ito ang bangko mo) na hindi mo malulutas sa branch o call center, maaari kang magpadala ng sulat sa **tanggapan ng reklamo (*ufficio reclami*)** ng bangko, na makakatugon dito. Kung hindi ka masisiyahan sa tugon, o kung hindi matutugunan ang iyong reklamo sa loob ng 30 araw, maaari kang makipag-ugnayan sa Banking and Financial Arbitrator, ang Tagapangasiwa ng Mga 'Di Pagkakasundo sa Pananalapi, o sa Italian Insurance Supervisory Authority, depende sa sitwasyon.

Kung sa tingin mo ay nakaranas ka ng diskriminasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa UNAR (Ufficio Nazionale Antidiscriminazioni Razziali) sa pamamagitan ng pagtawag sa 800 901010 nang libre, o pagbisita sa www.unar.it.

